

# Kaloka, Keri, Bongga: Pakahulugan at Pahiwatig ng Gay Language sa mga Piling Pelikula ni Vice Ganda

Generoso Pamittan, Jr., Chari Amado, Victoria Amante, and Feorillo P.A. Demeterio III

Using the framework of Pragmatics and Grice's (2012) cooperative principle and conversational maxims, this paper dissects the gay language's contextual meanings, and effects on narrative and characterization as used in Vice Ganda's selected hit films. This paper also scrutinizes the socio-cultural-political implications of the use of gay language as manifested in the role and image of the gay-language-speaking characters and how these might actually reflect empowerment and/or oppression of gays in a heteronormative society. Analyses indicate that while the use of gay language may not be indicative of gays' social class or status, it reflects the experience, culture and discipline in which the gay takes part. Further, while Vice Ganda's brand of humor and personality are still apparent and that gay language was used to induce laughter, it cannot be denied that, amidst society's minoritization of gays, there are deeper underlying meanings and significance for such use of gay language.

*Keywords: Gay Language, Vice Ganda, Gay Image, Humor, Gay Character*

## **Abstrak:**

Gamit ang balangkas ng pragmatics at ng cooperative principle at conversational maxims ni Grice (2012), hinimay ng papel ang kontekstuwal na kahulugan at epekto sa naratibo at karakterisasyon ng gay language na ginamit sa mga piling pelikula ni Vice Ganda. Siniyasat din ng papel ang sosyo-kultural-politikal na implikasyon ng gay language na nahayag sa gampanin at imahen ng baklang nagsasalita ng gay language, at kung paano nito nasasalamain ang tunay na katayuan at kalalagyan ng bakla sa heteronormatibong lipunan. Lumitaw sa pagsusuri na hindi man naipapahiwatig ang uri o estado sa lipunan ng mga bakla sa paggamit ng gay language, nasasalamain nito ang karanasan, kultura, at larangang kinabibilangan ng bakla. Bukod dito, litaw man ang tatak ng humor at personalidad ni Vice Ganda at kadalasan mang nasa modo ng pagpapatawa ang paggamit ng gay language, hindi maitatangi na may higit na malalim na kahulugan at kabuluhan ang lengguwahe sa gitna ng pagsasantabi sa mga bakla ng lipunan.

## Introduksiyon

Sa pagtagos ng “gay language” sa Filipinong kulturang popular, karaniwan na ang mga salita tulad ng *kaloka*, *keri*, *bongga*, *jowa*, *charot*, *chika*, atbp., bilang ekspresyon ng ilang baklang personalidad at karakter sa telebisyon at pelikula. Maging sa mga post at komento sa *Facebook*, *Instagram*, at *Twitter*, madalas na ang paggamit ng gay language hindi lamang ng mga bakla kundi minsan pati na ng mga heteroseksuwal. Unti-unti na din itong tumagos sa tahanan, paaralan, at sa iba pang espasyo kung saan ang gay language ay sinasambit tila bilang lehitimong bahagi ng wikang Filipino. Ngunit maaaring sa nakararami, ang gay language ay isa lamang nakatutuwa at naiibang mga salita, kaya mainam na bigyan ng kritikal na sipat ang gay language na umiinog higit bilang simpleng ekspresyon kundi bilang isang sabkultural na lengguwahe na mas malalim ang kahulugan at kabuluhan.

Sa ganitong konteksto, nilalayon ng papel ang makapag-ambag sa mga pag-aaral tungkol sa gay language sa Filipinong kulturang popular. Nakatutok ang pagsusuri sa (1) pakahulugan ng gay language sa mga piling pelikula ni Vice Ganda, kung bakit at kung paano ito ginamit, at kung epektibo ba ang paggamit nito; at (2) sosyo-kultural at politikal na implikasyon ng gay language na nahayag sa gampanin, papel, at imahen ng baklang karakter na nagsasalita ng gay language sa pelikula, at paano nito nasasalamain ang tunay na katayuan at kalagayan ng mga bakla sa isang lipunang likas na patriyarkal at pinagbaharian ng heteronormatibong pamantayan.

## Ang Gay language

Para sa silbi ng papel na ito, ang gay language ay tumutukoy sa pekulyar na ekspresyon ng mga Filipinong bakla sa Pilipinas at kung saan man. Sa paglalarawan ng mga kilalang iskolar ng literaturang pambakla, ang gay language ay walang tigil na umuusbong, yumayabong, pabago-bago ang anyo at kahulugan. Sa deskripsiyon ng batikang manunulat at kritikong si Danton Remoto, ito ay patuloy na sumisibol, umuusbong, at nagbabago (binanggit sa Casabal, 2008). Samantalang para sa Filipino-Amerikanong kritikong si Martin Manalansan (2006), ito ay kodigo na batbat ng magkakasalungat na elemento kabilang na ang mobilidad, kosmopolitanismo, pag-uugat at pagbalik-tanaw (sariling salin, p. 48). Samakatwid, ang gay language ay parang isang likidong patuloy ang pagdaloy at paiba-iba ng hugis; ito ay pleksibol; susong-susong ang kahulugan; at minsan ay may pagkamalabo. Ang mga katangiang ito ng gay language ay mababakas sa di mabilang na termino na naimbento bilang mutasyon ng salitang bakla: “sward,” “jokla,” “joklita,” “baklita,” “baklush,” “baklushi,” “bading,” “badekwa,” “beklush,” “beki” at marapang iba. Gayundin ng misong lengguwahe ng bakla: “swardspeak,” “baklese,” “dingga,” “gayspeak,” “gay language 101,” at “bekimon 101,” o “bekimon.”

Likas na malikot at malikhain ang paggamit ng gay language depende sa kung ano ang dahilan at konteksto. Halimbawa, ang salitang kalye na bongga na pinasikat marahil ng kanta ng bandang Hotdog noong 1970's at ng pelikula na pinagbidahan ni Nora Aunor noong 1980's na parehong may titulong *Bongga Ka Day* ay muling nabuhay bilang ekspresyon ng mga baklang karakter at personalidad sa telebisyon at pelikula. Iba't iba ang pakahulugan ng salitang bongga kung gagamitin ito sa paglalarawan. Sa konteksto ng isang pista: bonggang (masarap, labis-labis) handa; bonggang (mayaman, maimpluwensiya) hermana mayor; bonggang (mahusay, maganda ang kostyum at mga itsura) mga kalahok; bonggang (organizado, nakakaaliw) mga palabas; at bonggang (magarbo, ginastusan) ayos ng simbahan, at marami pang iba.

Ang kahulugan ng matunog na pangalan ay naaayon sa kasalukuyang pangyayari. Sa konteksto ng Miss Universe, na pinakaabangan kada taon ng marami sa mga Filipinong bakla: ang ibig sabihin ng "na-Janine Tugonon" ay ipinagpalit sa ibang kasintahan na may koneksiyon sa paghihiwalay ni Tugonon at ng kaniyang hindi taga-showbiz na kasintahan pagkaraang-pagkaraang mapili siya bilang First Runner-Up sa Miss Universe 2012; ang "na-Venuz Raj" ay nangangahulugang nahirapan sa pagsagot ng isang tanong na may kinalaman sa nakalilitong pinal na tanong na tinugon ni Raj noong Miss Universe 2010; ang ibig sabihin ng "mag-ala-Pia Wurtzbach" ay huwag basta sumuko na ang konteksto ay ang tatlong beses na pagsali ni Wurtzbach sa Bb. Pilipinas bago siya mahirang na Miss Universe 2015; at ang "ma-Ms. Columbia" ay masilat, maunsiyami na ang tinutukoy ay ang 1<sup>st</sup> runner up ni Wurtzbach na si Ariadna Gutierrez.

Sa pagtugon sa isang bagay o ideya, samot-sari din ang anyo ng salita: Kapag sang-ayon, maaaring gamitin ang "plang," "plangak," "planguk," "palanggana," "palangganita," "palangganang butas," "plantsa;" samantalang kung di sang-ayon, maaaring tumugon ng "wa ko feel," "di ko bet," "wit," "wititit," "witchels," "witchikels," "wa-i," "Norway," at iba pa.

Pinunto sa mga pag-aaral tungkol sa kulturang bakla nina Neil Garcia (2008) at Manalansan (2006) na ang gay language ay isang uri ng pagpiglas, emansipasyon, at depensang mekanismo laban sa restriktibo, konserbatibo, at mapang-aping ideolohiya sa lipunan. Ang paggamit ng gay language ay isang taktika ng mga bakla upang ilihim ang kahulugan ng pinag-uusapan lalo na kung ang pinatutungkulan ng komento ay kaharap sa isang umpukan. Kadalasan, ang gay language ay isang distinctive mark ng pagiging bakla kaya ang pagkabihasa sa pagsasalita at pag-intindi nito ay natural tulad ng pagkakaroon ng tinatawag na "gaydar" o ang kakayahang maamoy kung ang isang kaharap ay bakla. Gaya ng paggamit ng Ilokano o Kapampangan kapag nakikipag-usap sa tao na nagmula sa parehong probinsiya, ang gay language ay isang umiinog na bernakular na ginagamit ng bakla upang

makipag-ugnayan at maikabit ang sarili at pagkatao sa kapuwa bakla. Ayon kay Garcia (2008), "...ang ibang alalahanin na tila tinutugunan ng sward speak ay identidad, pagbuo ng komunidad, at ang paglaldad ng isang (lalaki) na sa tingin ng isang nagsasalita ng sward ay kabilang sa tribu...kamiyembro ng federasyon, kabaro, kafatid sa pananampalataya" (sariling salin, p. 109).

Bukod sa silbi ng gay language bilang isang cipher, mistula din itong "magic wand" na iwinawasiwas ng mga bakla upang marahuyo at mahalina ang mga heteroseksuwal na lubos na natutuwa sa paggamit ng bakla ng gay language upang magpatawa, pagaangin ang mabigat na usapan at palamigin ang maiinit na sitwasyon; na kadalasan ay pamamaraan ng mga bakla upang maging katanggap-tanggap sa mga heteroseksuwal na kung susuriin ay isang uri ng double standard.

Kalaunan, naging higit na pamilyar ang mas nakararaming heteroseksuwal sa gay language sanhi ng patuloy na eksposyur dito: mula sa mga bakla at ilang heteroseksuwal na gumagamit ng gay language (sa opisina, paaralan, sa komunidad, sa mga bahay-libangan); at higit sa kulturang popular kung saan palasak ang gay language. Ipinunto ng lingguwistang si Norberto Casabal (2008) na lumawig ang gay language mula sa pagiging eksklusibo sa sabkultura ng bakla palabas sa pagiging diyalekto ng mas malawak na lipunan at dagdag pa dito ang "faggotization" ng telebisyon na siyang naging daan upang makapasok muli ang mga bakla sa prinsipal na agos ng kultura. Hindi maitatangi na nagsilbing daan ang midya, upang magkamit ng kasikatan at impluwensiya ang ilang mga baklang personalidad na bukas at hayag tungkol sa kanilang piniling kasarian at pagkatao at malayang ginagamit ang gay language sa kanilang pananalita at ekspresyon; at isa na rito si Vice Ganda.

## Si Vice Ganda

Si Jose Marie Vical, na mas kilala sa pangalang Vice Ganda, ay isang hayag na bakla na komedyante, host, recording artist, performer, at maituturing na isa sa mga pinakamaimpluwensiya at pinakakumikitang personalidad ng Filipinong kulturang popular. Mula sa pagiging stand-up comedian sa mga comedy bar sa Metro Manila tulad ng Punchline at Laffline at pagganap bilang suporta sa ilang palabas sa telebisyon, nagsimula ang pamamayagpag ni Vice Ganda ng maging regular na hurado/host ng *It's Show Time* sa ABS-CBN. Ang kaniyang husay sa biglaang pag-isip at pagbato ng mga punchline ayon sa nagaganap at sa sitwasyon ang kaniyang naging tatak bilang komedyante, at nagbigay sa kaniya ng malakas na appeal sa masang Filipino. Kaya kabi-kabila ang kaniyang mga proyekto sa telebisyon, pelikula, patalastas, at konsiyerto sa loob at labas ng bansa. Ang pulutong ng kaniyang "followers" sa Facebook (higit 13 milyon), Instagram (higit 2 milyon) at sa Twitter (halos 6 milyon) ang kongkretong patunay ng kaniyang hatak at

popularidad na maaring sanhi kung bakit malakas ang ratings ng kaniyang mga TV show, nangunguna sa takilya ang kaniyang mga pelikula, at naging viral ang ilan sa kaniyang mga dance craze at phenomenal expression.

Isang pagiging natatangi ni Vice Ganda ay ang pagbidahan ang lima sa sampung pinakamataas ang kinita sa kasaysayan ng pelikulang Filipino (Zafra, 2016): Batay sa artikulong Super Parental Guardians' now PH's Highest Grossing Film na ipinost sa news.abs.cbn.com noong Disyembre 29, 2016, kumita ang *Beauty and the Bestie* ng Php 526M. Mula naman sa artikulong *Beauty and the Bestie Breaks A Second Chance PH Record* na ipinost sa news.abs-cbn.com noong Enero 13, 2016, ang *The Amazing Praybeyt Benjamin* ay kumita ng P456M, ang *Girl, Boy, Bakla, Tomboy* ng P436M, ang *Sisterakas* ng Php393M (ikaanim), at ang *The Unkabogablye Praybeyt Benjamin* ng Php331.6M (ikasampu) (Dumawal, 2014). Pinasikat din ni Vice Ganda ang 15 na "dance craze" na viral sa social media, gaya ng "Gwiyomi," "Whoopsira Kiri," "Wobble Wooble Dance," "Open the Door," at tumatak ang mga "phenomenal expression," tulad ng "ansaveh," "karakaraka," "push mo yan," "boom panes," at "unkabogable."

Bunsod ng malakas na hatak at impluwensiya sa masa, ang mga salitang hinahango at pinapauso ni Vice Ganda ay nagiging bahagi din ng pang-araw-araw na ekspresyon ng marami niyang tagapagtangkilik kaya mas malawak ang pagtagos ng mga salitang ito. At dahil ang mga salita ay karaniwang ginagamit ni Vice Ganda sa pagpapatawa (punchlines) ay maaaring maging disimulado ang pakahulugan ng mga tumatangkilik nito. Ngunit kung pagmumunihan ang mga pagtalakay nila Garcia (2008) at Manalansan (2006), mahihinuha na mas malalim ang kabuluhan at kahulugan ng gay language na nais palutangin sa papel na ito. Hindi ito dapat tingnan bilang isang porma lamang ng humor o sarkastikong linya dahil mayroon itong epekto sa mga tagasunod niya at tagapanood ng likhang Filipino. Bilang isang umuusbong na icon ng kulturang popular, marapat na suriin ang mga baklang karakter na ginampanan ni Vice Ganda na maaaring natatabunan o natatakpan ng imahen ni Vice Ganda bilang isang "komedyante" kaya hindi lubos na sineseryoso ang mga pagganap; kritikal itong talakayin sa akademikong pamamaraan upang mapalutang kung paano sa likod ng pagpapatawa ng mga karakter gamit ang gay language, masasalamin ang ilang mga kontradiksiyon at kolusyon sa lipunang ginagalawan.

Ang apat sa pinakakumitang pelikula ni Vice Ganda mula 2012 hanggang 2015: ang *The Beauty and the Bestie* (2015), *The Amazing Praybeyt Benjamin* (2014), *Girl, Boy, Bakla, Tomboy* (2013), at *Sisterakas* (2012) ang susuriin sa pag-aaral na ito sapagkat ang tinabo ng mga nasabing pelikula ay hudyat na naging malawak ang saklaw ng "audience patronage" ng mga ito, samakatwid, maraming manonood ang naabot ng gay language at ng mga baklang karakter sa pelikula kaya mainam na siyasatin ang mga ito.

Hindi na isinama ang *Unkabogablye Praybeyt Benjamin* na “prequel” ng *The Amazing Praybeyt Benjamin* sapagkat pareho din ang baklang karakter na ginampanan ni Vice Ganda dito.

## Balangkas ng Pagsusuri

Gagamitin ang pragmatics sa pagsusuri ng kahulugan batay sa konteksto. Ayon sa Ingles na sikolingguwistang si Stephen Levinson (1983), ang pragmatics ay pag-aaral ng ugnayan sa pagitan ng wika at kontekstong pumapalibot sa anyo nito; ang pag-aaral ay nakatakda sa mga semantiko at di-semantikong katangian ng pumapalibot sa wika kaya mahalaga ang aspekto ng konteksto. Mula sa librong *Pragmatics* ni George Yule (1996), sinabing may apat na paksang binigyang pokus ang pragmatics: una, ang pagsusuri ng pakahulugan ng “speaker” at kung paano ito binigyang kahulugan ng “listener;” ikalawa, ang pagbibigay ng interpretasyon sa wika batay sa kontekstong kinapapalooban nang ginamit ito at kung paano nakaaapekto ang konteksto sa mga sinabi; ikatlo, ang pag-aaral kung paano nakabuo ng hinuha ang listener upang makabuo ng interpretasyon at dumating sa nilalayong kahulugan ng speaker; at ikaapat, ang pagsipat sa konseptuwal at pisikal na distansiya sa pagitan ng speaker at listener na nakaaapekto sa pagpapasiya ng speaker kung ano dapat ang kaniyang sasabihin. Ang apat na pokus ng pragmatics ayon kay Yule ang ilalapat sa mga eksenang gumamit ng gay language upang suriin kung papaano nakaaapekto ang konteksto ng eksena sa kahulugan ng gay language. Bubusisiin ang eksena ayon sa mga kalahok sa pag-uusap, ano ang kalooban (mood) ng eksena at ng karakter na nagsalita, at ano ang setting o lugar ng pag-uusap.

Ilalapat din ang balangkas ng “cooperative principle” at “conversational maxims” ng Ingles na dalubhasa sa pilosopiya ng wika na si Herbert Paul Grice (2012). Ayon kina Archer, Aijmer, & Wichmann (2012), ang cooperative principle ni Grice ay gabay na inaasahang sundin ng mga kalahok sa isang pag-uusap; mahalagang magbigay ng kontribusyon sa isang pag-uusap ang kalahok at ibigay niya kung ano kailangan sa diskusyon batay sa direksiyon, layunin, at antas ng kaniyang pakikibahagi dito. Alinsunod sa cooperative principle, nagbalangkas ng conversational maxims, na apat na kategoryang tumutukoy sa katangian ng sinasabi o pagsasalita ng isang kalahok sa pag-uusap: ang “quality,” “quantity,” “relation,” at “manner.” Mainam ang mga ito upang makamit ang resultang nais mula sa isang pag-uusap. Ang quality ay ang pagsasabi ng impormasyong totoo. Hindi dapat magbahagi ang nagsasalita ng impormasyong pinaniniwalaan niyang hindi tama. Tinutukoy naman ng quantity ang dami ng impormasyong ibinibigay ng nagsasalita. Kailangang ang kontribusyon ng nagsasalita ay informatib ngunit hindi sobra sa hinihingi ng pag-uusap na kaniyang kinabibilangan. Sa relation pumapasok ang kaugnayan ng sinasabi sa paksa ng pag-uusap.

Mahalagang ang mga sinasabi ay konektado sa diskusyong nagaganap. Ang manner naman ay ang paraan ng pagsasalita ng kalahok sa pag-uusap. Dapat ay malinaw ang kaniyang pagkakasabi at hindi paulit-ulit. Kapag may sinabi ang isang tao, may kahulugan ang salitang kaniyang sinasabi na hindi nakalutang o nanggaling sa mga nabanggit na salita; ito ay tinatawag sa pragmatics na “inference” at tinukoy naman ni Grice na “implicature.” Ang ipinapahiwatig ng mga salita (implicated meaning) ay laging naiiba sa literal na ibig sabihin ng mga sinasabi (what the speaker says). Kapag nagsalita ang isang tao, hindi lamang isang mensahe ang maaaring makuha ng nakikinig dahil kadalasan ay may ibang ipinapahiwatig ang sinasabi ng nagsasalita. Ang implicature ang kahulugan na maaaring mabuo ng isang nakikinig mula sa paraan ng pagkakasabi at mismong sinabi ng kaniyang kausap.

Gamit ang pragmatics at maxims of conversations, susuriin ang gay language na bibitawan ng karakter ni Vice Ganda sa apat na pelikula. Magkakaroon ng tatlong talahanayan ang bawat pelikula: (1) ang linya kung saan nasambit ang gay language; (2) ang pakahulugan ng gay language at paliwanag ayon sa konteksto; at (3) pagsusuri sa gay language ayon sa maxims ni Grice (2012).

## Pagsusuri

### **Sisterakas (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films ,at Deramas, 2012)**

Ang pelikula ay tungkol sa paghihiganti ni Bernardo/Bernice (Vice Ganda) kay Bernadette (Ai-Ai Delas Alas) na kaniyang kapatid sa ama. Uminog ang istorya sa paglalaban ng clothing line ni Bernice at ng isang clothing line ni Roxanne (Kris Aquino) na siyang namirata kay Bernadette. Sa huli ay nagkaayos ang tatlong karakter at bumuo ng isang clothing line na tinatawag nilang Sisterakas.

**Table 1:** Pagsusuri sa gay language ni Vice Ganda mula sa *Sisterakas*.

Gay language	Kahulugan ng Gay language ayon sa Konteksto	Pagsusuri ng Quality, Quantity, Relation, at Manner
1. “Isinumumpa ko, paghihigantihan ko kayong lahat... magiging masikap ako... magiging mayaman ako... magiging bongga ako. Hahanapin ko kayo, ipapalaspap ko sa inyo ang batas ng isang api.” (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2012)	<b>Matagumpay:</b> Ang linya ay sinambit bilang tanda ng paghihiganti ng walang laban na batang si Bernardo matapos ipagtabuyan kasama ng kaniyang inang nawalan ng malay sanhi ng pagkahulog sa hagdan. Upang makabawi, isinumpa niya sa sarili na siya ay magiging masikap, mayaman, at matagumpay	Sapagkat sinambit ni Bernardo ang linya sa kaniyang sarili, ang pagkasabi ng <b>bongga</b> bilang parte ng linya ay totoo at sapat lamang sa nais ipakahulugan. Nakatulong ang salita sa progresyon ng poot at kagustuhang maghihiganti ng batang si Bernardo. Malinaw ang pagkasabi bagaman maaaring di masyadong malinaw para sa mga manonood ang pakahulugan sapagkat bukas sa iba pang kahulugan ang salita tulad ng “maganda” at “glamorouso.”

Gay language	Kahulugan ng Gay language ayon sa Konteksto	Pagsusuri ng Quality, Quantity, Relation, at Manner
<p>2. "Papuntahin mo siya dito. Ngayon din. Bilisan mo. 'Wag ka na magpa-tumpiktumpik pa. <b>Kara-karaka.</b>" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2012)</p>	<p><b>Madali/Bilisan:</b> Sinambit ni Bernice ang linya nang malaman niya na ang kapatid na si Bernadette na matagal na niyang hinahanap ay nag-apply sa kaniyang kompanya. May tono ng pagmamadali ang pagkasambit ng linya sapagkat sa wakas ay maisasakatuparan na niya ang paghihiganti niya.</p>	<p>Totoo ang pakahulugan sa <b>kara-karaka</b> ngunit kalabisan na ang salitang ito sapagkat naulit lamang ang kahulugan ng mga naunang salita. Malinaw sa kapuwa karakter sa eksena ang kahulugan ng salita sapagkat agad siyang tumalima sa utos. Kung may kinalaman man ito sa eksena ay ang pag-build ng posibleng punchline para magdulot ng katatawanan sa manonood.</p>
<p>3. "Hay naku, 'yang mga 'yan, lahat 'yan <b>mapapanganga</b> 'pag nakita nilang lahat ang mga designs natin." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2012)</p>	<p><b>Walang masasabi:</b> Ang linya ay nasambit ni Bernice bilang pagmamalaki sa ganda ng disenyo ng mga damit na isusuot ng kanilang mga modelo sa fashion week at dahil sa ganda ay malamang ay walang masabi ang kanilang katunggali kaya mapapanganga na lamang.</p>	<p>Sinsero ang salitang <b>mapapanganga</b> at marapat itong maging parte ng linya. Malinaw ang pagkakasambit; maaari itong mabasa bilang "walang masabi" dahil marahil sa pagkahanga. Kailangan ang salita upang maipahayag ng karakter ang pagmamalaki sa kanilang mga disenyo sa gitna ng tunggalian.</p>
<p>4. "...alin ang <b>magharot?</b> Namomroblema na nga ako sa negosyo ko, <b>magharot</b> pa ako!" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2012)</p>	<p><b>Manlalalaki:</b> Nabanggit ito ni Bernice ng may pagkairita matapos siyang dalhin ng kanyang staff sa isang gay bar upang makapag-relax sana mula sa problemang kinakaharap nito sa kaniyang kompanya.</p>	<p>Mas malapit ang makipaglandian bilang kahulugan ng <b>magharot</b> na ginamit upang palamlamin o itago ang nais ipakahulugan na <b>manlalalaki</b> na hindi akma sa mga batang manonood. Kailangan ang salita sa linya at eksena upang maiparating ni Bernice ang kaniyang pagkairita sa kapuwa karakter ng hindi bastos ang dating sa manonood.</p>
<p>5. "...<b>ansaveh?</b>! Anong amalayer ang pinagsasabi mo? Anong problema mo?" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2012)</p>	<p><b>Anong Sabi:</b> Naisingit ni Bernice ang salita sa gitna ng sagutan at sumbatan nila ng kapatid sa amang si Bernadette. Pinipilit ni Bernice na bumalik na si Bernadette sa kompanya niya ngunit ayaw pumayag ni Bernadette.</p>	<p>Bagamat totoo sa kahulugan ang <b>ansaveh</b>, hindi na ito kailangan sa linya. Ginamit lamang ang salita bilang pagsingit o transisyon sa isang build na binubuo para gawan ng spoof ang "amalayer girl" na insidente ng isang estudyanteng nakipagsagutan nang pabalang sa isang security guard na nakunan at naging viral sa Internet.</p>
<p>6. "Siyempre oorder! Guwapo pa man din ito, <b>shonga</b> lang." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2012)</p>	<p><b>Tanga:</b> Dala ng init ng kaniyang ulo, ang linya ay pabalang na sagot ni Bernice para barahin ang waiter na nagtanong sa kaniya ng "Bakit?" ng tawagin siya ni Bernice.</p>	<p>Malapit sa intensiyon na kahulugan ang <b>shonga</b> at siguradong malinaw ang naging pakahulugan dito ng kapuwa karakter at maging ng mga manonood. Ginamit ang salita upang makapagpatawa at palamlamin ang <b>tanga</b> na hindi rin angkop sa mga batang manonood.</p>



Gay language	Kahulugan ng Gay language ayon sa Konteksto	Pagsusuri ng Quality, Quantity, Relation, at Manner
<p>7. "Ang daming <b>chika</b> 'te. Ate anong oras ninyo ako balak dalhin sa ospital? Ang daming <b>chika</b> 'te." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2012)</p>	<p><b>Usapan (walang saysay):</b> Binitawan ni Bernice ang linya sa gitna ng panghihina sanhi ng pagkakasalag niya sa bala ng baril na dapat sana ay kay Bernadette tumama. Inuna pa ni Bernadette ang pakikipag-usap sa ibang karakter kaysa isugod si Bernice sa ospital.</p>	<p>Sinero ang pakahulugan at kailangan naman sa linya upang mabigyang diin ang irony na nakuha pa ng karakter na si Bernadette na makipag-usap nang matagal kaysa isugod ang nabaril na kapatid sa ospital; intensiyon ng irony ang makapagpatawa. Malinaw marahil sa manonood sapagkat ang <b>chika</b> ay palasak nang ginagamit.</p>
<p>8. "At dahil magkakasama na kaming tatlo ngayon, ay magsisimula na kami ng bagong-bago at bonggang-bonggang clothing line na tatawagin nating <b>Sisterakas.</b>" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2012)</p>	<p><b>Magkapatid:</b> Sinabi ni Bernice ang linya bilang deklarasyon ng kaniyang pakikipagsanib puwersa sa kalaban niyang kompanya. Pangalan ng kompanya ang pagkagamit ng salita na siya ring pamagat ng pelikula.</p>	<p>Hindi marahil intensiyon ng karakter na ipakahulugan ito bilang <b>magkapatid na babae</b> kundi pangalan ng kompanya at titulo ng pelikula. Gayumpaman, malinaw naman na ang <b>sisterakas</b> ay nag-ugat sa Ingles na salitang sister na ang ibig sabihin ay kapatid na babae. Kailangan ang salita sa linya sapagkat naikonekta nito ang titulo sa naratibo ng pelikula.</p>

Sa pangkalahatan, malapit sa intensiyonal na kahulugan ang mga gay language na ginamit. Hindi nagbago ang mensahe na gustong iparating at napanatili rin ang orihinal na kahulugan ng mga salita maliban sa paggamit ng "maghaharot." Ang maghaharot ay mula sa salitang harot na ang ibig sabihin ay mangulit, subalit sa konteksto ng eksena sa pelikula ginamit ito upang palamlamin o pagtakpan ang salitang "manlalalaki." Pagdating sa quantity, ang salitang "kara-karaka" at "ansaveh" ay maaari nang hindi banggitin sapagkat sapat na ang impormasyon kahit wala pa ang mga salitang ito. Nakatulong sa daloy ng istorya ang gay language na ginamit ni Bernice. Akma ito sa mga eksena at tumutulong ito sa pagbuo ng karakter ni Bernice na isang bakla kaya ang paggamit ng gay language ay maaaring umayon. Tumulong din ang gay language sa pagbuo ng nakakatawang mood ng ilang eksena. Madaling maintindihan ng manonood ang gay language sapagkat di naman masyadong kakaiba ang estruktura at karamihan sa mga ito ay pamilyar na.

Bihira ang eksena na nagsalita ng gay language ang baklang karakter; at sa mga pagkakataong gumamit ng gay language, payak ang mga salita at maliit na parte lamang ito ng mga linya. Malinaw na ang pakay sa paggamit ng gay language ay palutangin ang "humor" na tatak ni Vice Ganda. Ang mga salitang kara-karaka, bongga, mapanganga, at magharot ay bahagi na ng bernakular at nabahiran lamang ng pagkabakla sapagkat ginagamit na

ekspresyon ni Vice Ganda mismo at ng kaniyang baklang karakter. Ang shonga, ansaveh at sisterakas ay malapit sa estruktura ng mga pinag-ugatan nitong salita kaya madali itong intindihin. Ang “chika” naman ay palasak na bilang gay language kaya naging bahagi na ng pang-araw-araw na ekspresyon.

Kung ihahambing sa ang mga gay language sa pagsusuri nila Estravo, Villamor at Mangune (2004), tumutugma ang salitang bongga (may kalidad) at shonga (tanga); ang chika (tsismis, hindi totoo ang sinasabi) ay malapit naman sa kahulugang usapan na walang-saysay; ang sisterakas naman ay malapit sa sister o sisterette (tawagan ng bakla sa isa't isa). Sa Baklese naman (Cano, 2008) matatagpuan ang salitang “nganga” (yung contestant sa pageant na di makasagot sa question at answer) na sa kontenksto naman ng pelikula ay “walang masabi” dahil sa pagkahanga. Ang salitang sisterakas (noon ay sisterette) ay inangat ang estruktura mula sa salitang-ugat na sister at nagbago na lamang ng anyo sa pagdaan ng panahon. Ang ilang gay language, tulad ng magharot, karaka at ansaveh, ay hindi nakalista sa parehong sanggunian na manipestasyon na may mga gay language na nanatiling ginagamit at pareho, kung hindi naman malapit, ang kahulugan sa orihinal, samantalang patuloy naman ang pagsibol o pag-usbong ng iba pang salita.

Gamit ang paraang panghihiram (Estravo et al., 2004), ang harot, ansaveh (mutasyon ng anong sabi) at kara-karaka ay mga salitang hinango ni Vice Ganda mula sa katutubong wika at ginawang parte ng kaniyang ekspresyon bilang artista at hayag na bakla kaya ang mga salita ay naging bahagi ng lengguwahe ng bakla. Bitbit ni Vice Ganda ang mga salita sa ginampanang karakter na si Bernice na ginamit naman ang mga ito bilang ekspresyon sa kinabibilangang industriya ng fashion; at dahil telebisyon, pelikula, at maging social media ang nagsisilbing lunsadan o platform ni Vice Ganda ng lengguwahe, nagiging palasak ang mga salita bilang gay language na maaaring mahango ng milyon-milyong tagapagtangkilik ni Vice Ganda. Makikita dito kung paanong ang gay language ay maaaring mahango, humalo, at maging palasak sa isang industriya o larangan, na sa kaso ni Vice Ganda/ Bernice, ay telebisyon, pelikula/fashion na maaaring kolektibong matatawag na “showbiz-ness.”

Lutang din ang pagsalok ng ibang bidang artista mula sa kanilang danas at larangan at ginamit ito bilang parte ng diyalogo sa ilang eksena. Halimbawa, ang paggamit na “James...Yap Yap Yap” na tumutukoy sa basketbolistang nakarelasyon ni Kris Aquino; ang paggamit ng “may tama ka” at “deal or no deal” na mga titulo ng palabas ni Kris sa telebisyon at iba pang mga linya mula sa patalastas ng mga produktong ineendorso ng mga bida (Vice Ganda, Ai-ai Delas Alas), na ginamit bilang punchlines. Makikita

na sa pamamagitan ng wika, mababanaag ang danas, kultura, at larangang kinabilangan ng artista at dahil humalo sa kulturang popular ay nagiging palasak at naging bahagi din ng danas ng panonood kaya maaaring tumalab at bumenta sa panlasa ng tagapagtangkilik.

Hindi man litaw sa pelikula, maaari din mabanaag mula sa gay language ng bakla ang danas, kultura, at larangang kinapalooban niya. Halimbawa, isang termino sa mga parlor ang “kulot” na ang pinatutungkulan ay buhok. Ngunit ang pagsasabi ng bakla ng “kulutin ang buhok” ng babae ay maaaring mangahulugan ng pagkairita o pagkainis sa babae kaya kukulutin ang “unat na buhok” (na maaaring mangahulugan ng maganda). Sa akademya, ang “community extension” o “extension work” ay nangangahulugan ng boluntaryong pagbabahagi ng guro ng kaniyang serbisyo/ekspertis sa komunidad. Ngunit sa usapan ng mga baklang guro, ang “extension work” ay nangangahulugan ng pagrampa o pagdayo sa ibang lugar upang humanap ng lalaki at aliw.

Bukod sa mas importante na maintindihan ng manonood ang bawat linya, ang bihirang paggamit ng gay language ng isang baklang cross-dresser, mayaman, nasa mataas na posisyon, at may-ari ng kompanya, ay maaaring tingnan sa dalawang anggulo. Una, ang bihirang paggamit ng gay language ay maaaring bahagi ng proseso ng kooptasyon kay Bernice ng “glamrosong” industriya ng fashion at ang pag-ayon ni Bernice ng kaniyang pananalita ay paraan upang maunawaan siya ng mga tao sa kaniyang paligid na, sa kabilang banda, ay gumagana din para sa kapakanan ni Bernice sapagkat sa pamamagitan nito ay nakukuha niya ang kaniyang mga nais. Pangalawa, bihira man, ang paggamit pa rin ng gay language ay maaaring manipestasyon ng pagpigil ni Bernice sa lubusang pagsuklob ng sistemang ginagalawan (Manalansan, 2006). Gamit ang gay language, naigigiit ni Bernice ang kaniyang sarili bilang bakla, na bagaman itinuturing ng heteronormatibong lipunan bilang bahagi ng minority, ay kayang umangat at kumawala sa espasyong nilimita ng lipunan; may kapangyarihang makuha ang anumang naisin at magamit ang posisyon upang paikutin ang kapalaran ng isang tao. Masama man ang naging gawi at hangarin, ito ay dala lamang ng pagsulsol ng ina na kaniyang sinunod bunsod ng kaniyang pagmamahal at paggalang dito. Sa huli, ipinakita pa rin ang busilak na kalooban ni Bernice sapagkat sinagip niya mula sa kapahamakan si Bernadette.

### ***Girl, Boy, Bakla, Tomboy* (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)**

Ipinanganak na quadruplets (ginampanan lahat ni Vice Ganda) sina Girlie (babae), Peter (lalaki), Mark (bakla), at Panying (tomboy), subalit lumaking magkahiwalay at magkasalungat ang kapalaran dulot ng paghihiwalay

ng kanilang mga magulang. Nagtapos ang pelikula sa pagtutulungan ng magkakapatid nang muling magkaayos ang kanilang mga magulang.

**Table 2:** Pagsusuri ng *gay language* mula sa *Girl, Boy, Bakla, Tomboy*

Gay language	Kahulugan ng Gay language ayon sa Konteksto	Pagsusuri ng Quality, Quantity, Relation, at Manner
<p>1. "Oh kaya ano, <b>magchi-chikahan</b> na lang tayo dito 'Nay? Di na tayo lilipat sa pupunatahan nating bahay?" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)</p>	<p><b>Magdadaldalan (walang saysay):</b> Sinabi ni Mark ang sarkastikong linya para iparamdam ang pagkainip. Lumuwas ang buong pamilya ni Mark sa Maynila upang maipagamot ang kapatid na si Panying. Pagbaba sa bus, may diskusyon pa sa pagitan ni Panying at inang si Pia na para kay Mark ay walang-saysay at isang pag-aaksaya ng oras.</p>	<p>Malapit sa intensiyonal na pakahulugan ang <b>magchi-chikahan</b> na kailangan sa eksena upang sarkastikong maihayag ng karakter ang kaniyang pagkabagot. Isa itong pambabara para makapukaw ng katatawanan. Malinaw at madaling maiintindihan ng manonood ang salita sapagkat ito ay palasak na.</p>
<p>2. "Sir, puwedeng isang palit na lang, sayang kasi yung damit, <b>palong-palo</b> ako d'yan. Tingnan natin kung maganda sa picture... <b>Palong-palo</b> 'yan 'pag nasuot ko, last na please." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)</p>	<p><b>Ang Ganda/Bagay na Bagay:</b> Magkaiba ang kahulugan ng <b>palong-palo</b> sapagkat magkaiba din ang paraan ng paggamit; ang una ay para ilarawan ang tao at ang huli ay para ilarawan ang damit. Humiling si Mark na magpalit ng damit bago siya kunan ng <i>mugshot</i> sapagkat siya ay nahuling nag-shoplift sa isang mall. Ang <b>palong-palo</b> ay pagdidiin upang makumbinsi ang mga awtoridad at makuha ang nais na pagsukat ng damit bilang estratehiya para siya makatakas.</p>	<p>Malayo sa intensiyonal na kahulugan ang <b>palong-palo</b>. Kinailangan man sa eksena para paglaruan ang sitwasyon at maisagawa ang binabalak na pagtakas, maaaring hindi malinaw para sa mga heteroseksuwal na karakter sa eksena at maging sa manonood kung ano ang tunay na kahulugan ng salita. Dalawang ulit man binanggit, hindi ito kalabisan sapagkat naiparating nito ang pangungulit/pagpiliit ni Mark para maisakatuparan ang balak.</p>
<p>3. "Hoy blondeie, 'wag kang malditang anak araw ka ha! Kayo na nga 'tong humihingi ng pabor, ikaw pa ang ganyang <b>tumatalak!</b>" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)</p>	<p><b>May Sinasabi:</b> Isang pasugod na pagsagot ito ni Mark kay Girlie na hindi kumbinsido na may kahihinatnan ang pakikiusap nila kay Mark na i-donate ang parte ng atay nito. Inilitanya ni Girlie ang kaniyang pagdududa kaya sinugod siya ni Mark.</p>	<p>Sinsorong bahagi ng reaksiyon ang <b>tumatalak</b> para ipamukha ang pagdududa sa isang hiling na hindi naman madaling ibigay sapagkat malalim ang poot sa dibdib ni Mark. Higit na madaling unawain ang salita sapagkat medyo palasak na rin ito.</p>
<p>4. "Ikaw ang <b>overtime</b>... <b>over</b> ka na this time! Naikot ko na ang buo, naararo ko na lahat. I'm so tired" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)</p>	<p><b>Sumosobra:</b> Palabang sagot ito ni Girlie kay Mark na gusto siyang pagruruhin sa bukid hanggang disoras ng gabi. Pinunto ni Mark na kahit sa bukid ay puwedeng mag-"overtime" na ginamit ni Girlie na pagkakataon upang ibato pabalik ang salita kay Mark.</p>	<p>Malayo sa intensiyonal na kahulugan ang salitang <b>overtime</b> samantalang ang <b>over</b> ay halos katumbas nito sa salitang Ingles. Kinailangan ito sa eksena upang ipakain ni Girlie kay Mark ang mismong salita nito. Hindi inaasahan na ang isang babaeng karakter na lumaki sa Amerika ay may ekspresyon ng isang bakla. Malinaw na humor ang pakay dito.</p>

Gay language	Kahulugan ng Gay language ayon sa Konteksto	Pagsusuri ng Quality, Quantity, Relation, at Manner
5. "May pa-sorry sorry pa siyang <b>paandar</b> sa iyo there in the hospital. I am not letting him off the hook." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)	<b>Pagkukunyari:</b> Nasabi ito ni Girlie bilang pagdududa sa sinseridad ni Mark sa paghingi ng tawad kay Pete.	Medyo malapit sa isinyonal na kahulugan ang <b>paandar</b> para ihayag ang pagdududa sa isang bagay. Subalit hindi ito nakatutulong sa pagbuo ng karakter ni Girlie bilang babae na sosyal at lumaki sa Amerika. Malinaw din na humor ang pakay dito.
6. "Nalambing lang nang very light kagabi, ngayon, kung makaarte na <b>kakabugin</b> ang Kathnie!" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)	<b>Dadaigin/Tatalunin:</b> Reaksiyon ito ni Mark nang makita ang ina na tila ba nasa alapaap sa kasiyahan bunsod ng muling panunuyo ng asawa nitong si Pete. Bilang pagbibiro ay naikompara ni Mark ang mag-asawa sa sikat na teen love team nina Kathryn Bernardo at Daniel Padilla.	Madaling huliin ang pakahulugan ng salitang <b>kakabugin</b> sapagkat konektado ito sa linya at eksena ngunit umaasa ang linya na kilala ng tao ang loveteam na Kathnie! (na sikat sa kasalukuyan) para maging epektibo ito bilang punchline. Ang salitang kabog ay tila bahagi na ng karakter ni Mark na natural na nagsasalita ng <i>gay language</i> .
7. " <b>Push mo 'yan!</b> " (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)	<b>Ituloy mo iyan:</b> Sagot ito ni Girlie kay Mark bilang paghamon na ituloy nito ang pagtangkang suntukin siya sa gitna ng isang mainit na kumprontasyon.	Totoo sa pakahulugan ang <b>push mo 'yan</b> subalit gaya ng nabanggit na, hindi inaasahan ang ekspresyong bakla sa karakter ni Girlie sapagkat mas pinatitingkad nito ang pagiging bakla at napapalutang ang isang Vice Ganda kaysa karakter ni Girlie.
8. "In fairness naman sa timing ng <b>rampang</b> 'to, nataon pa sa birthday natin, kabog." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)	<b>Out of Town Trip:</b> Sinabi ito ni Mark habang sila ay nasa isang resort na bahagi ng plano ng kanilang magulang upang magkaayos silang magkakapatid.	Lumapit sa isinyonal na kahulugan ang <b>rampa</b> sa tulong ng setting ng eksena (isang resort) kaya malamang na malinaw din sa mga manonood ang ibig sabihin ng salita. Ang mga ganitong salita ay nakakatulong sa pagbuo ng baklang karakter ni Mark.
9. "...ang ganda naman nito, p'wedeng tingnan... <b>keri</b> ... parang bagay sa akin 'to." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)	<b>Okay:</b> Pinatutungkulan ni Mark ang isang shades na nakita niya na ibinibenta sa resort. Isang shades na sa paningin niya ay maganda at bagay sa kaniya.	Isiningit lamang ang <b>keri</b> bilang transisyon sa susunod na linya kaya't mistulang kalabisan lang ito sa linya kung impormasyon ang pag-uusapan Ngunit konsistent ito sa pagbuo ng karakter ni Mark. Maaaring hindi malinaw ang keris sa mga manonood sapagkat malayo ang estruktura ng salita sa nais ipakahulugan.

Gay language	Kahulugan ng Gay language ayon sa Konteksto	Pagsusuri ng Quality, Quantity, Relation, at Manner
10. "...alam mo <b>bongga</b> talaga itong lens nitong salamin mo... maputi pero 'pag naarawan umiitim, parang budhi ng kakambal ko." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)	<b>Maganda:</b> Kadugtong ito ng konteksto sa itaas (#9). Biglang dumating si Girlie kaya naisip ni Mark na paringgan ito bilang tugon sa naunang patutsada ni Girlie.	Madaling maikabit ang pakahulugan ng <b>bongga</b> sa "maganda" sapagkat akma naman ito sa konteksto ng eksena. Higit sa kahulugan nito, mas malinaw na ginamit ito bilang bahagi ng "tapping" at "build" para maging katawa-tawa ang sagutan nina Girlie at Mark.
11. "... <b>bongga</b> talaga 'yan girl pero mas <b>bongga</b> 'yang kilikili mo dahil di pa naarawan, maitim na." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)	<b>Maganda:</b> Bahagi pa rin ito ng naunang konteksto (#9, 10). Sarkastikong sagot ito ni Girlie sa patutsada ni Mark (#10).	Konektado ito sa paliwanag sa itaas (#10). Bagama't tila kalabisan ang paulit-ulit na pagsasabi ng <b>bongga</b> , nakatulong ito para sa "tapping" at "build" at gawing katawa-tawa ang sagutan nina Girlie at Mark.
12. "Girl, ba't di mo i-try mag-move on, you <b>Fil-Am girl... half-feelinger, half ambisyosa...</b> " (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)	<b>Umaasa at Nangangarap:</b> Bahagi ito ng usapan ng apat na magkakapatid; may plano sila na gumawa ng isang "libing" para makabalik sa Pilipinas at magkaayos ang kanilang mga magulang. Isinumbat ni Mark ang tangkang pag-agaw ni Girlie sa lalaking sinisinta ni Mark kaya ang linya ang naging sagot ni Girlie.	Medyo mahirap ikabit sa intensiyonal na kahulugan ang <b>Fil-Am</b> sapagkat iba ito sa "Filipino-American" na tunay na kahulugan nito. Nakatulong ang <b>half-feelinger, half ambisyosa</b> bilang sundot upang maging malinaw ang kahulugan. Malinaw ulit na punchline ang pakay dito bagama't di akma sa karakter ni Girlie.
14. " <b>Nai-push</b> naming apat na magkabalikan si nanay at tatay." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)	<b>Nagawan ng Paraan:</b> Bahagi ito ng kuwento ni Mark sa pagtatapos ng pelikula. Sinasalaysay niya na sa pamagitan ng kanilang planong "libing" nagkaayos muli ang kanilang mga magulang, at ganundin ang relasyon nilang magkakapatid; at ang kani-kanilang mga lovelife.	Ang literal na kahulugan ng <b>push</b> na "tulak" ay madaling ilapit sa intensiyonal na kahulugan nito at mas lamang na malinaw din sa manonood ang kahulugan nito sapagkat karaniwan naman ang salitang Ingles na push. Konsistent pa rin ito sa karakter ni Mark na madalas magsalita ng gay language bilang bahagi ng ekspresyon.
15. "At siyempre di <b>pakakabog</b> ang ganda ko noh. Ako lang naman ang may pinakaguwapong boyfriend." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)	<b>Padadaig/Patatalo:</b> Bahagi ito ng kuwento ni Mark (#14).	Gaya ng unang pagkagamit ng salitang <b>kabog</b> (#6) madaling mahuli ang kahulugan nito lalo na ng mga matatandang manonood; maaaring medyo hirap ang mga bata na arukin ang kahulugan nito. Muli, bahagi ito ng karakterisasyon ni Mark.

Gay language	Kahulugan ng Gay language ayon sa Konteksto	Pagsusuri ng Quality, Quantity, Relation, at Manner
16. “Ang <b>bobongga</b> na ng lovelife namin no?!” (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2013)	<b>Sasaya:</b> Kadugtong ito ng kuwento ni Mark sa magandang kinahinatnan ng kanilang plano (#14, 15).	Pinakamadalas na nagamit ang salitang <b>bongga</b> sa pelikula kaya konektado na ang mga manonood sa tunog at kahulugan nito. Maaaring iisa lamang ang pakahulugan ng mga manonood dito ngunit hindi naman ito nalalayo sa konteksto ng mga eksena. Hanggang sa huli, lutang sa karakter ni Mark ang pagsasalita ng gay language bilang bahagi ng kaniyang ekspresyon.

Madalas na ginamit ni Mark bilang pamalit sa Filipino ang gay language at hindi mabubuo ang ideya ng kaniyang pangungusap kung aalisin ang gay language. Sa pangkalahatan, hindi nababawasan ang pagiging totoo ayon sa konteksto ng eksena; gayumpaman, ang mga salitang kagaya ng “overtime” at “Fil-Am” ay binigyan ng bagong pakahulugan na ipinaliwanag din naman sa eksena. Maliban sa “palong-palo,” “super talk show,” at “keri,” madali namang makuha ang kontekstuwal na kahulugan ng mga gay language at maikokonekta ang kahulugan ng mga ito sa eksena kung saan sinabi ito. Malayo ang palong-palo, keri, at super talkshow sa estruktura ng literal na kahulugan at may pagka-flexible ang salitang bongga at kabog kaya may mga pagkakataon na ang paggamit ng gay language ay nagpapalabo ng pakahulugan, lalo na sa mga hindi bihasa sa gay language.

Tumugma sa pagsusuri nila Estravo et al. (2004) ang pakahulugan ng salitang chika (hindi totoo ang sinasabi), kabog/kabugin (talo/daig) at bongga (may kalidad) na ang pakahulugan sa pelikula ay maganda, samakatwid, ay may kalidad. Ang salitang rampa na paglalakad sa paghahanap ng lalaki (Cano, 2006) at paggalugad ng lalaki (Estravo et al., 2004); bagaman parehong nasa konteksto ng panlalalaki ay nangangahulugan ng pagtungo sa ibang lugar kaya malapit sa out-of-town trip. Gaya sa kaso ng *Sisterakas*, ang mga gay language na hindi nakatala sa pagsusuri nila Estravo et al. at baklese, tulad ng push, keri, palong-palo, at paandar ay mga salitang kadalasang gamit ni Vice Ganda na binitbit at ginamit niya sa kaniyang mga karakter sa pelikula at ang talkshow naman ay isang genre ng palabas sa telebisyon kaya ang mga gay language na ito maaaring sabihing hango sa showbiz.

Ang Fil-Am ay pinaikling Filipino-American na tumutukoy sa mga Filipinong may magulang na Filipino at Amerikano o di kaya ay Filipinong naging mamamayan ng Amerika na karaniwan ay ipinanganak at/o lumaki sa Amerika. Kung sisipatin ang pakahulugan dito bilang half-feelinger, half-ambisosa na ibinato ng karakter na si Girlie kay Mark na isang baklang

kros-dreser, maaaring basahin ito bilang alusyon patungkol sa mga bakla na piniling maging babae sa kilos, pananalita at itsura (tradisyonal man itong maituturing), at ang pagturing dito bilang half-feelinger, half-ambisya ay isang indikatibo ng pagsasantabi sa bakla sa espasyo ng heteronormatibong lipunan. Maaari din itong alusyon patungkol sa mga Filipinong namalagi sa Amerika, at ang pagturing dito bilang half-feelinger, half-ambisya ay isang pasaring mismo sa mga katulad ni Girlie na ang pag-asta, pananamit, pananalita, at maging ang panlasa at preperensiya ay tila (eksheheradang) Americanized.

Sa buong pelikula, bakas ang pagtagos ng gay language sa pagitan ng mga karakter at ito ay tila bahagi na lamang ng pangkaraniwang diyalogo o usapan. Babae, lalaki, bakla o tomboy man ay naarok ng mga karakter sa mga gay language sa mga eksena. Bagaman maaaring tingan ang pagtagos ng gay language at ang pagkaunawa dito ng lahat bilang isang tangkang normalisasyon at unti-unting paghalo ng isang sabkultural na lengguwahe sa isang dominanteng kultura, hindi pa rin masasabing lubos ang ganitong pagtagos sapagkat ayon nga kay Garcia (2008), hangga't ang lengguwahe ay tinatawag (itinuturing) na swardspeak (gay language), ito ay mananatiling pambakla.

Sila Mark (bakla) at Girlie (babae) ang siyang pinagmumulan ng mga gay language. Maaari itong asahan sa karakter ni Mark bilang bahagi ng paggiit sa kaniyang pagkatao, presentasyon ng kaniyang identidad at paraan ng pagbulalas ng kaniyang isipan at saloobin (Manalansan, 2006). Mababanaag ang paggiit na ito sa lakas personalidad ni Mark. Nagamit niya ang kaniyang lengguwahe upang ipagtanggol ang kaniyang sarili, protektahan ang mga bagay na mahalaga sa kaniya, ipaglaban ang anumang sa tingin niya ay nararapat ngunit ipinagkait sa kaniya at gayundin sa pagbahagi ng kaniyang saya at tagumpay. Sa huli, ipinakita sa pelikula na sa kabila ng kaniyang mga kahinaan, may angking kabutihang-loob pa rin ang bakla na handang isakripisyo maging ang sariling kapakanan maisalba lamang ang mga taong mahalaga sa kaniya.

Sa kabilang banda, ang paggamit ni Girlie ng gay language ay nagpalabo sa kaniyang karakter bilang blonde na babaeng lumaki sa Amerika at sa halip, napalutang ang parodiya o imitasyon ng isang bakla, babae at baklang babae. Ang parodikong karakter ni Girlie ay nagamit upang suwabeng mailatag ang mga alusyong nakapaloob sa half-feelinger at half-ambisya at sa pamamagitan ng eksaheheradang pananamit, pag-aayos, pagkilos, pag-asta, pagsasalita, at paggamit ng gay language ay dumaloy ang mga engkuwentro sa pagitan nila ni Mark sa hangad na makapagdulot ng katatawanan.



**The Amazing Praybeyt Benjamin (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)**

Kasabay ng pagtaas ng ranggo ni Benjamin (Vice Ganda) mula praybeyt paakyat ng koronel at tagumpay sa karera, naging arogante at matigas ang kaniyang ulo. Sa katapusan ng pelikula, napagtanto ni Benjamin ang kaniyang pagkakamali na naging daan ng muli niyang tagumpay.

**Table 3:** Pagsusuri ng *Gay language* mula sa *The Amazing Praybeyt Benjamin*

Gay language	Kahulugan ng Gay language ayon sa Konteksto	Pagsusuri ng Quality, Quantity, Relation, at Manner
1. "Keri ko to 'no! Handa ako d'yan!" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)	<b>Kaya:</b> Pinadala si Benjamin at ang kaniyang grupo sa France upang sugpuin ang grupo ng mga zombies. Nasabi Benjamin ang linya ng humarap sila sa mga kapuwa militar na inakala nilang di marunong mag-Ingles kaya mahirap ang pakikipag-usap.	Bagama't madaling masakyan ang pakahulugan ng <b>keri</b> sa konteksto ng eksena, maaari rin itong makalito sa mga manonood sapagkat medyo pleksibol ang salitang ito. Malinaw na ang impormasyon ng sumunod na linya kaya kalabisan na ang keru ngunit kinailangan pa rin ito upang mabuo ang karakter at ang pagiging arogante ni Benjamin.
2. "Guwapo ka pala, pero makakaasa kang <b>kakabugin</b> pa rin kit." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)	<b>Tatalunin:</b> Nagkaharap si Benjamin at ang lider ng terorista na si Janjaran. Ang linya ay isang ekspresyon upang yabangan ang kalaban na kaya niya itong talunin.	Madaling makuha sa konteksto ng eksena ang intensiyonal na kahulugan ng <b>kakabugin</b> . Pagdidiin ito ng baklang karakter ni Benjamin at pagpapakita ng kawalan niya ng intimidasyon na kahit guwapong lalaki ang kaniyang kalaban ay walang duda na matatalo niya ito.
3. <b>Nganga?!</b>	<b>Walang Bisa:</b> Kadugtong ang eksenang ito sa paghaharap (#2). Sinubukang iputok ni Janjaran ang baril ngunit wala na itong bala kaya nasambit ni Benjamin ang "nganga" para asarin ang kalaban.	Lutang ang intensiyon na patawanin ang mga manonood sa pamamagitan ng pambabara o pamamahiya at sa pamamagitan nito, naipamukha din sa kalaban ng bakla ang kabiguan nitong talunin ang bakla.
4. "Nakakatakot naman palang maging <b>jowa</b> mo 'no?! Namamatay lahat ng babaeng <b>jinojowa</b> mo, eh." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)	<b>Karelasyon/Nakakarelasyon:</b> Reaksyon ito ni Benjamin sa kuwento ni Gen. Chua tungkol sa sinapit na kamatayan ng mga dating karelasyon niya.	Palasak ang <b>jowa</b> bilang katumbas ng kasintahang lalaki o babae kaya madaling makuha ang pakahulugan ng salita. Patunay ang salita na konsistent ang pagiging bakla ni Benjamin pagdating sa ekspresyon kahit kaharap pa niya ang kaniyang superyor sa hukbong militar.

<p>5. "At ang <b>nakakaloka</b>, naglabas na ng intelligence report ang miltar na malapit na daw sumabog ang bomba kaya <b>naloloka</b> na ako." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Nakababahala/ Natataranta:</b> Naibulalas ito ni Benjamin sa kaniyang kasama bilang bahagi ng kuwento kung paano siya nahihirapang kunin ang loob at tiwala ni Bimbee na siyang nakaalam kung nasaan ang bomba.</p>	<p>Pleksibol ang <b>kaloka</b> bilang ekspresyon kaya maaaring makontento ang manonood sa literal na kahulugan nitong "nakakabaliw". Gayumpaman, pareho din ang epekto sa sagsay ng linya at konteksto ng eksena ang ganitong pakahulugan sa kaloka.</p>
<p>6. <b>Boom Panes!</b></p>	<p><b>Talo/talunan:</b> Biglang isinigaw ito ni Benjamin upang gulatin at asarin si Gen. Chua sapagkat mismong siya ay walang makuhang impormasyon mula sa anak na si Bimbee. Nag-walk out si Bimbee para maiwasan ang pamimilit sa kanya.</p>	<p>Katulad ng "nganga" (#3), may intensiyon mang mang-asar, manggulat ng kapuwa karakter at sa pamamagitan nito ay makapagpatawa ng manonood ang biglaan at pasigaw na bitaw ng <b>boom panes</b>. May pailalim na patama ito na higit na tatalakayin sa ibaba. Bukod pa dito, marahil naikokonekta din ito ng manonood sa sikat na ekspresyon at titulo ng kanta ni Vice Ganda.</p>
<p>7. "Ano ba itong nagawa ko. Dapat mag-eeenjoy lang kami, eh. It was supposed to be a nice day... <b>kaloka</b>..." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Nakakaistres:</b> Sa kabila ng mahigpit na pagbabawal ni Gen. Chua, itinakas ni Benjamin si Bimbee upang dalhin sa mall bilang pagtupad sa pangako ng nasirang ina ni Bimbee at para mapasaya ang bata. Sa kasamaang-palad, nahimatay si Bimbee at kinailangan itong bigyan ng dagliang lunas. Kaya ekspresyon ang linya ng pagsisi ni Benjamin sa sarili.</p>	<p>Di masyadong kailangan ang salitang <b>kaloka</b> sa eksena bukod sa gamit nito para gawing konsistent ang pagsasalita ng gay language ng karakter. Nagsilbi lamang itong isang "singhay" o "buntonghininga" sanhi ng di inaasahang pangyayari. Makabuluhan na ang mga linyang nauna sa kaloka kaya di na masyadong pansin ang pakahulugan sa kaloka.</p>
<p>8. "Yung bata ho kasing 'yan ay anak ng babaeng terorista, <b>jinowa</b> nitong mamà na ito tapos di naman niya alam na kontrabida, hayun, pinagbuntis, pinanganak ang bata tapos iniwan sa kanya, hayan." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Nakarelasyon:</b> Parte ito ng eksena sa itaas (#7). Tinanong ng doktor na tumingin kay Bimbee kung bakit walang nakaalam na may allergy ang bata, kaya bilang tugon at pagbaling na din ng sisi kay Gen. Chua, ibinulalas ni Benjamin ang linya.</p>	<p>Ito ang ikalawang eksena na nabanggit ang salitang <b>jowa</b> at halos kapareho din ang konteksto ng pagkakasabi dito kaya inaasahan na kuha na kaagad ng kahulugan nito. Nagamit ang salita para maging konsistent sa pagbuo ng karakter at sa lengguwahe nito.</p>

<p>9. "Di ba ito <b>keri</b>?" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Puwede:</b> Nagtungo si Gen. Chua sa bahay nila Benjamin para humingi ng tulong na sagipin si Bimbee mula sa mga teroristang dumukot sa kanya at matunton ang huling bomba. Bilang pagtugon, hinubad ni Benjamin ang kaniyang roba at pasugod na sana ito suot lamang ang isang seksing 'one-piece' na kasuotan. Pinigilan siya ng nanay niya dahil sa kasuotan niya kaya tinanong niya ito.</p>	<p>Gaya ng nabanggit, pleksibol ang salitang <b>keri</b> na maaaring ipakahulugan ng manonood sa "okay" o "puwede" batay sa eksena ngunit di naman dahilan upang di maintindihan konteksto. Nagamit ang salita upang maging konsistent ang ekspresyon ng karakter at masusugan ang humor na itanim nang ipakita ng karakter ang kakatwang suot nito.</p>
<p>10. "Madali lang 'yan, <b>kering-keri</b> ko 'yan." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Kayang-Kaya:</b> Kadugtong ito ng eksena sa itaas (#9). Nang makumpirma na ang bomba ay nasa loob ng isang mall, namroblema sila kung paano nila palilikasin ang mga tao. Ang linya ay tugon ni Benjamin ng may kasiguraduhan.</p>	<p>Kinailangan ang pagsambit ng <b>kering-keri</b> para bigyan ng kasiguraduhan ang mga kasamang militar na kayang gawan ng paraan ang problema ngunit tatayo naman ang eksena at malinaw ang mensahe ng unang linya kahit tanggalin pa ang <b>kering-keri</b>.</p>
<p>11. "O, kita mo, mga <b>echosera</b> kayo di naman n'yo narinig." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Mapagkunwari:</b> Pang-aasar ito ni Benjamin sa mga kasamang militar na nagsabing narinig nila kung saan nanggaling ang sigaw ng saklolo, ngunit sinubok niya kung alam nga ng mga ito na ang totoo ay hindi naman pala.</p>	<p>Medyo mahirap tumbukin ang intensiyonal na kahulugan ng <b>echosera</b> ngunit malinaw na ginamit ang salita upang biruin ang mga kasama at makatulong sa pagbuo ng nakakatawang eksena. Nakatulong ang salita sa konsistent na karakter at humor nito.</p>
<p>12. "Parking? Anong address n'yan? <b>Chos!</b>" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Biro/Joke:</b> Inutusan ni Gen. Chua si Benjamin na dalhin ang bomba sa parking lot. Bilang tugon ay pabirong ibinato ni Benjamin ang nasabing linya.</p>	<p>Sundot ang <b>chos</b> ng ibinatong punchline; para itong pansalo kung sakali mang di kagatin ng manonood ang punchline at mas kinailangan ang ganitong silbi kaysa nais ipakahulugan ng salita. Hanggang sa huling mga eksena ay konsistent ang mga ganitong ekspresyon para mabuo ang karakter ni Benjamin.</p>

Ayon sa konteksto ng eksena ang kahulugan ng karamihan sa gay language. May pagkakataong ginamit ito ng karakter bilang pagbibigay-diin at sundot sa ibang linya/sitwasyon; pamalit sa wikang Filipino; kasama ng linya para mag-set ng magaan na mood ng eksena. Bukod pa rito, nakatulong ang gay language upang mabuo ang karakter, seksuwalidad at humor ni Benjamin na kabaligtaran sa karakterisasyong inaasahan sa isang militar ngunit lumusot sapagkat ang pelikula ay nasa genre ng komedi.

Ang salitang kabog (talo, daig), jowa (asawa), echosera (babaeng sinungaling, nagbibiro) ay tumutugma sa pakahulugan batay sa pagsusuri nila Estravo et al. (2004) at sa Baklese (Cano, 2008), tumugma din ang jowa (kasintahang lalaki) at echosera (hindi dapat seryosohin). Ang jowa bilang

asawa at kasintahang lalaki ay tumutukoy sa pagkakaroon ng relasyon na siyang naging pakahulugan sa pelikula.

Katulad ng naging pagtalakay sa *Sisterakas* at *Girl, Boy, Bakla, Tomboy*, ang mga salitang kerl, kaloka, nganga at boom panes ay naging palasak sa paggamit nito ni Vice Ganda. Ang kerl ay tinagalog na “carry” (carry on, carry out) na ang kahulugan ay aksiyon ng paggalaw, pagsuporta, pagbitbit ng isang bagay kaya may pakahulugan ng kakayahan o puwedeng isagawa ang isang bagay. Madalas ang paggamit nito ng baklang karakter na si Benjamin bilang ekspresyon ng kakayahan niyang gawin o solusyunan ang mga bagay.

Ang echosera ay mapagkunwari, samakatwid sinungaling at hindi dapat seryosohin samantalang ang chos ay hugot sa echosera at echos na may pakahulugan ng kawalan ng pagseseryoso at pagbibiro lamang. Ito ay maaaring ituring na mutasyon ng charing, etsing (kiyeme) na pabiro mang maituturing, ayon sa pagtalakay ni Manalansan (2006), ay may malalim na pakahulugan o kadahilanan sa konteksto ng mga Filipinong bakla sa Amerika kung saan higit sa pagsasabi ng totoo o hindi totoo, ang paggamit ng charing o etching ay isang paraan ng pagtatago o pagkukunwari upang makontrol at malusutan ang isang panganib na mahuli dahil sa kawalan ng kaukulang dokumento na kailangan sa pananatili sa Amerika. Sa iba pang konteksto, maaaring may ganito ding silbi ang chos, ang ikubli ang mga litanya sa pagbibiro ngunit may hangaring protektahan ang sarili. Halimbawa, ang pagsabi ng bakla na may gusto siya sa isang kaibigang lalaki at susundan niya sa dulo ng malakas na pagsabi ng “echos” o “chos” na may kasamang akto ng mga daliri na itiniklop-ibinuka, ay isang paraan upang salagin ang sarili sa posibleng pagkapahiya sa pagtanggap ng kaibigang lalaki bilang tugon.

Ang salitang nganga at boom panes ay may malalim ding silbi. Ang pagtukoy sa kalahok sa paligsahan na di masagot sa question and answer bilang nganga (Cano, 2008) ay pagdiin sa kahinaan o kawalan ng kapasidad ng utak sa pag-iisip ng mahusay na sagot; sa kakulangan ng dunong ng isang tao, na maaring magpahiwatig na kawalan ng silbi. Ang boom panes naman ay karaniwang maririnig mula sa mga batang naglalaro sa kalye (habang naglalaro) upang kutyain, asarin, biruin ang kapuwa bata o kalaro nito. Kapag ang bata ay natapat sa “boom” sa isang ikutan ay siya ang magiging taya o barurot. Ang boom ay katunog ng pagsabog at kapag sumabog ang isang bagay ay nawawalan ito ng gamit; samantalang ang panes ay iniuugnay sa pagkain na hindi na maaaring kainin. Samakatwid, ang pagsasabi ng nganga at boom panes ay maaaring isang paraan ng panghahamak sa katangian o pagpuna sa kahinaan o kawalang silbi ng isang tao.

Mahihinuha mula sa mga natalakay na ang paggamit ng chos, nganga, at

boom panes bilang ekspresyong nakakubli sa anyo ng pagbibiro, pagpapatawa, o pang-aasar ay may mas makabuluhang silbi bilang estratehiyang dependsiba (pagtatanggol) o opensiba (pakikipaglaban). Kaya marapat na ang mga gay language na ibinabato ni Vice Ganda (bilang bahagi ng kaniyang punchlines) na ginagamit din ng mga karakter na ginagampanan niya sa pelikula; at maging ang kaniyang kakayahang sumalok ng mga salita at bigyan ito ng ibang pakahulugan, ay marapat suriin nang malaliman upang malaman ang potensiyal nito higit pa sa simpleng pagpapatawa o humor.

May pagkatransgresibo ang pagbuo sa karakter na baklang koronel na nagsalba sa bansa mula sa mga mananakop at mapanghasik ng dahas. Subersibo marahil kung paano ang hayag na bakla sa kilos, pananamit, at ekspresyon ay lubusang tinanggap hindi lamang ng kaniyang pamilya (ang lolo ni Benjamin ay isang retiradong heneral), kung hindi higit ng institusyon ng militar, lipunan at buong bansa (na may istatus na bayani at tagapagligtas). Hindi naging hadlang ang gawi at lengguwahe ng isang bakla upang mapasok ang restriktibong ideolohiya ng institusyon ng pamilya at pamahalaan at makuha ang buong respeto ng lipunan dahil sa kakayahan nitong ipaglaban hindi lang ang sariling kapakanan kundi ng pangkalahatan. Tagumpay man si Benjamin sa pelikula, hindi pa rin maitataggi, na sa kasalukuyang estado ng lipunan, patuloy ang pakikibaka ng mga bakla upang malayang maihayag ang pagkatao at kaakuhan at makamit ang inaasam na karapatan.

### **Beauty and the Bestie (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2015)**

Ang istorya ay umikot sa samahan, tampuhan, pagsubok, pagtulungan, at tagumpay ng baklang photographer na si Erika (Vice Ganda) at ng best friend niyang si Emman (Coco Martin), na isang heteroseksuwal na special agent.

**Table 4:** Paggamit ng *Gay language* ni Vice Ganda mula sa *Beauty and the Bestie*

Gay language	Kahulugan ng Gay language ayon sa Konteksto	Pagsusuri ng Quality, Quantity, Relation, at Manner
1. "Hindi ko nakikita, dahil kitang-kita ko sa <b>echosera</b> mga mata mo na yaman lang ng babaeng 'to ang habol mo at hindi ang pag-ibig niya." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2015)	<b>Mapagkunwari:</b> Sa isang photoshoot para ng magkasintahang malapit nang ikasal, sagot ang linya upang ihayag Erika na di siya kumbinsido na mahal ng lalaking kliyente niya ang mapapangasawa nito. Dala din ito ng init ng ulo ni Erika sanhi ng problema sa kaniyang pamilya.	Malinaw na sa mahabang linya at nagaganap na eksena ang impormasyon na gusto iparating ng karakter. Kaya hindi man arok ang eksaktong kahulugan ng <b>echosera</b> ay makukuha ng manonood ang mensahe. Ginamit lang ang salita para isalarawan ang "mata" kaya kahit wala nito ay magiging malinaw pa rin ang kahulugan ng buong linya.

<p>2. <b>"Kruk-kruk inamez. Knows na knows kiz na ataz ang magwiwinggang-gudigudiyap sa peygent na itiz."</b> (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Hello everyone. I believe I will win in the Ms. Uniworld pageant:</b> Sinabi ito ni Natalia para magpakilala sa press bilang opisyal na kandidata ng pageant.</p>	<p>Ginamit ang gay language bilang isang banyagang salita ng Uzeklovakia. May salin ang naturang salita sa screen para maintindihan ng manonood. Ngunit may salin man, tila iba ang kahulugan ng <b>kruk-kruk inamez</b> kung ibabatay sa tunog at paraan ng pagbato ng ng salita; tila isang mura o linya ng sumpa.</p>
<p>3. <b>Ayoko...Norway!</b></p>	<p><b>No Way:</b> Ekspresyon ito ng matinding pagtangga ni Erika sa hiling ni Emman na magpanggap siya bilang si Natalia na dinukot ng mga masasamang-loob.</p>	<p>Malapit sa intensiyonal na kahulugan ang <b>norway</b> sapagkat halos pareho ng tunog ng "no way" ngunit kailangan pa rin ng mabilis na pick-up upang masakyan ito. Karagdagang ekspresyon na lamang ito ng pagtangga kaya maaaring mawala ito.</p>
<p>4. <b>Shonga!</b></p>	<p><b>Tanga:</b> Bahagi ito ng eksena sa itaas (#3). Hindi naintindihan ni Emman ang ibig sabihin ng <b>norway</b> kaya sinabihan siya ni Erika ng <b>shonga</b>.</p>	<p>Malinaw ang nais ipakahulugan ng <b>shonga</b> sapagkat katunog ito ng "tanga." Halos pabulong ang pagbato ng salita kaya maaring hindi na napansin ito ng ibang manonood. Halata na ang salita ay pinalamlam na "tanga."</p>
<p>5. "G'wapo ng bestie ko oh...<b>B-Y</b>...kyut-kyut." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Guwapo:</b> Ang linya ay parte ng eksena ng pagbalik alaala ni Erika sa magandang samahan nila ni Emman noong nag-a-aaply pa lamang ito sa pagiging pulis; palihim niyang hinahalikan ang litrato ng kaibigan at pabulong na nagsasalita.</p>	<p>Ang <b>B-Y</b> ay letter code para sa "g'wapo" sa two-way radio kaya kung hindi pamilyar sa <b>code</b> na ito ay magtataka ang manonood kung ano ang ibig sabihin nito. Ngunit hindi makaapekto sa mensahe ng linya kung hindi malinaw ang <b>B-Y</b> sapagkat ilang ulit naman binanggit ng karakter ang papuri. Nakatulong ang salita sa pagiging konsistent ni Erika sa paggamit ng gay language sa pagsalita o bilang bahagi ng linya.</p>
<p>6. <b>"Sinetchiwa ikels? Pag na-knowsing ites ng pudra, tegibels everybody in this country."</b> (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Sino kayo, 'pag nalaman ito ng tatay ko, patay kayong lahat!:</b> Gamit ang lengguwahe ng Uzeklovakia, pinagbantaan ni Natalia ang mga dumukot sa kaniya at sa magiging ganti ng ama niyang punong ministro.</p>	<p>Ginamit bilang lengguwahe ng Uzeklovakia ngunit siguradong malinaw sa manonood na gay language ito na nagpanggap bilang banyagang wika. Sapagkat may direktang salin, intindi ng manonood ang kahulugan. Humor ang pakay ng gamit ng gay language bilang isang banyagang wika.</p>

<p>7. "...tapos 'pag nauhaw kayo gumawa din ako ng kalabasa juice with real kalabasa pulp bits... <b>keri</b>" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Okay?:</b> Ipinapaliwanag ni Erika sa dalawa niyang batang pamangkin ang masustansiyang baon na inihanda niya para dito kasunod ng tanong kung nagustuhan ba ng mga ito ang baon.</p>	<p>Madaling maintindihan ang pakahulugan ng <b>keri</b> sapagkat nailatag nang husto ang eksena at ibang linya. Nakatulong ang salita upang maging konsistent ang karakter at lengguwahe ni Erika.</p>
<p>8. "<b>Echosera</b> ka, paano ka kakain ng Japanese food, e, wala ka namang pera. Baka naman panis lang yung nakain mo, hindi Japanese." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Mapagbiro:</b> Di makumbinsi si Erika na ang dalawang kaibigang bakla ang gagastos sa kainang pinagyakagan sa kaniya ng mga ito. Kinuntsaba ni Emman ang mga ito para makumbinsi niya si Erika na pumayag na sa hiling niya.</p>	<p>Bagaman mahirap tumbukin ang eksaktong kahulugan ng <b>echosera</b>, paunang ekspresyon lamang ito ni Erika na di kumbinsido sa pagkukunwari ng mga kaibigan; kaya makukuha pa rin ang mensahe ng linya. Madalas na bahagi ng ekspresyon ni Erika na pagsambit ng gay language na di naman nakaapekto sa buong pakahulugan ng linya.</p>
<p>9. "<b>Jimbernaks kay Emching... Yung burpatud nyanchi jinigawan aring burpatud ketch. Yung burpatud ko naman, emote na emote...inlabey. 'Pag yun krumayola 'day, umbagin ko ang burpatud niyan.</b>" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Naiinis ako kay Emman. Yung kapatid niya nililigawan ang kapatid ko. E, yung kapatid ko, in love na in love. 'Pag yun umiyak, sasaktan ko ang kapatid niyan:</b> Nabuking ni Erika na nanliligaw sa kapatid niyang si Abi ang kapatid ni Emman na si Tristan. Tutol dito si Erika kaya naibulalas niya ang pagkabahala sa mga kaibigang bakla. Gumamit siya ng gay language sa pag-aakalang di sila maiintindihan ni Emman na kasama nila sa usapan. Ngunit nakakaintindi at nakakapagsalita pala si Emman ng gay language.</p>	<p>Ito ay tahasang paggamit ni Erika ng gay language na kung walang salin sa screen ay tiyak na mahihirapan intindihin ng mga manonood na di pamilyar sa gay language. Malaking tulong ang salin upang maintindihan ng manonood ang buong konteksto at kahulugan ng eksena at usapan. Nagamit din ang gay language sa palihim sanang pagbulalas ng init ng ulo ni Erika sa mga kaibigang bakla at nagsilbing tanim ito sa isang punchline.</p>
<p>10. Yung <b>burtawan mich</b></p>	<p><b>Laki ng Katawan mo:</b> Bahagi ito ng eksena sa itaas (#10). Nilalait ni Erika ang katawan ng babaeng organizer ng pageant bilang pagbunton ng init ng ulo niya kay Emman. Sa eksenang ito, nagpapanggap si Erika bilang si Natalia.</p>	<p>May salin din ang mga <i>gay language</i> na ginamit na nakatulong sa pag-intindi ng mga manonood. Ito din ay nakatulong upang ipakita ang pagbunton ng inis ni Erika sa organizer ng pageant na di naiintindihan ang gay language kaya ito nagdulot ng katatawanan sa mga manonood.</p>

<p>11. "...Diet?! <b>Majopit nang jumutok yung burtawan mich ma.</b>" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Malapit na pumutok ang katawan mo:</b> Bahagi pa rin ito ng mga naunang eksena (#10, 11). Patuloy ang panlalait ni Erika sa organizer; hindi nito maintindihan ang sinasabi ni Erika na kunwari ay nagsasalita ng lengguwahe ng Uzeklovakia. Isinalin ni Emman sa magandang paraan ang sinabi ni Erika.</p>	<p>May salin din ang gay language na sinabi ni Erika na nagsilbing paraan upang tuloy-tuloy na laiitin ang katawan ng walang kamalay-malay na pageant organizer. Naiintindihan ng manonood ang tunay na kahulugan kaya nagsilbing katatawanan ang pagkawalang-muwang ng pinatutungkulan ng lait at ang kabaligtarang salin ni Emman para pagtakpan ang panlalait.</p>
<p>12. "Eh kung balikan mo na lang kaya ako dito... di ko na talaga <b>keri</b> eh." (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Kaya:</b> Nagdugo ang mga paa ni Erika pagatapos magpanggap na marunong itong mag ice-skate. Kinailangan na nilang umalis ni Emman kaya pinipilit niya si Erika na maglakad kahit masakit ang paa nito at nakuha pa nitong magsuot ng sapataos.</p>	<p>Madaling masakyan ang pakahulugan ng <b>keri</b> sa tulong ng eksena at ng naunang linya. Hindi na nga halos kailangan ang salita sapagkat kita naman sa eksena ang mensaheng nais iparating. Ngunit nakatulong ito sa pagiging konsistent ng lengguwahe at karakter ni Erika.</p>
<p>13. "<b>Sinitchiwa ikaw chit?...Chaka?...chaka...?</b>" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Sino ka ba?...sino ka?...sino ka?:</b> Nakatakas si Natalia sa kamay ng mga dumukot sa kaniya. Dumiretso siya sa lugar kung saan nagagap ang pageant na lalahukan niya. Nagtagpo sila Erika at Natalia kaya nagtanong ang nalilitong si Natalia.</p>	<p>Ginamit ang gay language bilang banyagang lengguwahe ni Natalia. May salin din sa screen kaya naiintindihan ng manonood. Tama ang salin <b>sinichiwa ikaw chi</b> subalit ang salin ng <b>chaka</b> bilang "sino ka" ay halatang di totoo pati ng mga manonood sapagkat palasak na ang kahulugan nito ay "pangit." Iba man ang salin ay kuha ng mga manonood na sinadya ito upang magdulot ng katatawanan.</p>
<p>14. "<b>Natalia tali ang notrella from Uzeklovakia kruk kruk inamez!</b>" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Hello everyone. Ako si Natalia na tali ang ari galing sa Uzeklovakia:</b> Ito ang pambungad na pagbati ni Erika bilang nagpapanggap na Ms. Uzeklovakia sa pageant.</p>	<p>Ginamit ito bilang lengguwahe ng Uzeklovakia ng nagpanggap na si Erika. Walang salin kaya maaaring binasa lamang ito ng mga manonood bilang simpleng pagpapakilala ni Erika na nagpanggap na Natalia. Nagamit at naisalin na ang <b>kruk kruk inamez</b> kaya arok na ito ng manonood ngunit ang <b>notrella</b> ay maaaring malabo sa pag-intindi ng manonood na di maalam sa gay language. Mahirap man maintindihan ang ibang salita, madali naman basahin ang nagaganap sa eksena.</p>
<p>15. "<b>Ikaw chit na, di ko na knows, ikaw chit na chumika.</b>" (ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, at Deramas, 2014)</p>	<p><b>Hindi ko alam, ikaw na ang sumagot:</b> Humingi ng interpreter si Erika para masagot ang tanong sa question and answer portion ng pageant; si Emman ang tumayong interpreter. Nagturuan si Emman at Erika kung sino ang sasagot sa tanong.</p>	<p>May salin din ang gay language na ginamit bilang lengguwahe ng Uzbeklovakia kaya naintindihan ito ng mga manonood. Pakay ng gay language at ng salin ang magdulot ng humor kaya nakatulong ito sa daloy ng eksena at pagiging konsistent ng karakter ni Erika.</p>



Maraming pagkakataon na mahirap sundan ang gay language kung paraan ng pagsasalita ang tututukan; bukod sa mabilis at dere-deretso ang pagkakasabi, marami din ang mga linyang may gay language. Matatas ang paggamit ng mga karakter ng gay language at ginamit din ito bilang panggap na lengguwahe ng “Uzeklovakia” (ito ang imbentong bansa na kinatawan ng karakter sa pelikula na si Natalia sa beauty pageant). Maraming salita ang mahirap arukin ang intensiyonal na kahulugan kung estruktura ng gay language ang titingnan. Halimbawa, ang salitang “kumrayola,” na ang pakahulugan ay umiyak, ay nagmula sa krayola na ang ibig-sabihin ay isang pangkulay. Malayo ang pangkulay sa pakahulugang iyak ngunit katunog ng unang baybay ng **k**ray-ola ang cry na ang salin sa Ingles ay iyak. Mahirap intindihan ang matatas na paggamit ng gay language lalo na kapag kausap ni Erika ang mga baklang kaibigan; komplikado ito kaya naman naglagay ng subtitle upang maintindihan ng manonood ang mga linya. Sa pangkalahatan, naging informatib ang mga gay language sa tulong na din ng subtitle; at ang madalas at matatas na paggamit ng gay language ay may rason at may kaugnayan sa karakter, eksena at buong istorya.

Katulad sa mga naunang pelikula, ginamit ang pagsusuri nila Estravo et al. (2004) at batay dito, ang kahulugan ng mga salitang echosera at shonga ay tugma. May ilang mga salita na tugma o kaya ay malapit sa mga salita tulad ng “itis” (ito), “ina-mich” (isang mura) na malapit sa “inamez,” “pudra” (tatay), “emote” (padrama effect), “umbagin” (suntukin), “imbiyerna” (inis) na malapit sa “jimbernaks,” “chaca” (pangit) at “notrilya” (ari ng lalaki) na malapit sa notrella. Samantalang sa “baklese” (Cano 2006 at 2008), matatagpuan ang mga salitang “sinitchiwa” (sino), “tegi” (patay) na malapit sa “tegibels,” “bortawan” (malaking katawan), “notrils” (ari ng lalaki) na malapit sa notrella at “Slovakia” (bobo) na maaaring parodiya ng Uzeklovakia. Karaniwan sa gay language na ginamit bilang buong pangungusap ay gumamit ng pamamaraang malayang pagdaragdag o ang pagbuo ng gay language sa pamamagitan ng pagsisingit (o pagpapalit) ng tunog o titik sa ano mang bahagi ng salita (Estravo et al., 2004). Halimbawa ang “jumutok” (pumutok), “ikaw chit” (ikaw), “jinijigawan” (nililigawan), “ina mich” (ina mo) at “burpatud” (kapatid).

Sa pelikula, lumutang ang angking kapangyarihan at kasalimuotan ng gay language. Ang gay language ay ginamit bilang pagpapanggap o banyagang lengguwahe ng karakter ni Miss Uzeklovakia, isang babaeng hindi kaaya-aya ang itsura at maaaring ituring din na isang parodiya ng isang bakla o baklang nagbibihis babae. Malalim ang ipinapahiwatig ng pagiging di kaaya-aya ni Miss Uzeklovakia at ang paggamit niya ng (dayuhang) gay language. Maaaring sipatin ito bilang depiksiyon ng isang baklang effeminate at nagbibihis babae na karaniwang biktima ng pang-aapi

sapagkat hirap pa rin ang pagtanggap ng lipunan; at nagsasalita ng isang lengguwahe na itinuturing marahil ng karamihan bilang kakaiba (kaya isa itong panggap na banyagang lengguwahe sa pelikula). Ito ay indikatibo ng pagsasantabi ng heteronormatibong lipunan sa katauhan at kaakuhan ng bakla. Isang pagsusog sa konsepto ng otherness sa hanay mismo ng mga bakla na nagnais na ihanay ang sarili bilang isang “macho” katulad ng mga heteroseksuwal upang makawala mula sa opresyong dulot ng pagiging baklang feminin (Garcia, 2008).

Sa kabilang banda, ang awtomatikong pagkatuto naman ni Erika (na isang baklang Filipino) ng lengguwahe ni Miss Uzeklovakia na nagkataong kamukha niya ay maaaring manipestasyon ng pagtangka o pagnanais ng pag-uugnay at pagsugpong ng mga bakla sa kabila ng pagkakaiba sa uri, preperensiya, itsura o hulma. Sa pamamagitan ng lengguwahe, napag-uugnay bilang isang komunidad at nagkakasugpong sa hangarin na ihayag at ilantad ang sarili ng walang pag-aalinlangan at panghuhusga mula sa lipunan.

Hindi lamang bakla ang nakapagsasalita ng gay language, pati rin si Emman na isang pulis at ang punong ministro ng Uzeklovakia na isang brusko at diktador. Ngunit bukod sa kanila, ang lahat ng mga heteroseksuwal na karakter sa pelikula ay hindi na lubusang nakaiintindi ng gay language kaya maaaring lumutang ang potensiyal na kapangyarihan ng lengguwahe. Naitatago ng mga baklang karakter ang kahulugan at impormasyon sa pamamagitan ng lengguwahe. May pagkusa man na isalin ang lengguwahe, hindi pa rin naman ibinigay ang buo at tunay na kahulugan sa pagsasalin—isa itong paraan ng dependensya sa anumang banta. Sa paliwanag ni Manalansan (2006), ang pagsasalin ay isang akto ng kapangyarihan, malikhaing pakikipagnegosasyon at isang pagtatangka sa pag-angkin ng espasyo. Ipinagpapalagay ng mga (dominanteng) heteroseksuwal, may karapatan silang malaman kung ano ang kahulugan sa likod ng mga gay language at ang (tamang) pagsalin ay simbolo ng pagyuko sa kapangyarihan ng heteroseksuwal. Sa kabilang banda, ang tahasang pagtangga ng mga bakla na ilahad ang totoong salin ng gay language ay simbolo ng kanilang pagtutol sa pagyuko sa kapangyarihan at sa pagtutol na ito, nakalilikha sila ng espasyong kanila lamang at sariling kapangyarihan. Gamit ang lengguwahe, napag-uusapan ng mga baklang karakter ang mga bagay ng hindi nalalaman ng ibang tao sa paligid kung ano at sino ang pinatutungkulan. Hindi malay ang ibang kausap sa intensiyon, hangarin, at pakay sa loob ng usapan—isa itong paraan ng pakikipaglapan.

Ang pagkatuto ni Emman at ng punong ministro ng gay language ay indikatibo marahil ng pagtagos ng gay language at gayundin din ng kapangyarihan sa pagitan ng bakla at heteroseksuwal ngunit hindi

masasabing lubos ito: sa gana ng bakla, ang lengguwahe ay nagsilbing instrumento ng pagtanggap na nagbigay-daan sa disimuladong paggiit ng sarili at pagtalakay ng karanasan at pananaw sa mapagdiskriminang mundo ng mainstream at heteroseksuwal. Nagagamit man ang lengguwahe para sa sariling kapakinabangan, ang ideya ng paghangad ng “pagtanggap” at “paggiit” ay bunsod pa rin ng pagsasantabi. Sa gana ng mga heteroseksuwal, ang pagkatuto at pagkaintindi ng gay language ay isang pansamantalang kapangyarihan upang malaman ang kahulugan ng usapan ng mga bakla. Gaya ng nauna nang pagtalakay, indikatibo marahil ito ng kooptasyon sa bakla ng sistemang ginagalawan o di kaya resulta ng kusang pagpapasok ng bakla sa isang malikhaing negosasyon, ngunit hindi nangangahulugan ng lubusang pagsukob sa asimilasyon. Pansamantala lamang ito sapagkat batid ng mga bakla ang implikasyon ng pagkatuto ng mga heteroseksuwal kaya patuloy din ang pagbago at inobasyon nila sa gay language upang mapanatili ang pagiging eksklusibo at komyunal nito sa mga bakla (Manalansan, 2006) na manipestasyon ng pagtutol laban sa lubusang pagsuklob ng dominanteng lipunan.

## **Kongklusyon**

Sa kabuuan, nakatulong man ang gay language sa pagbuo ng katatawanan, lutang pa rin ang estilo ng humor ni Vice Ganda sa mga karakter na ginampanan niya—ang “pagsasabi ng halata na” (stating the obvious) at paggamit dito upang barahin ang kausap (sarcasm) upang makamit ang klase ng mainstream comedy na kaniyang marka at pinasikat. Ginamit ang gay language sa pagbibigay ng diin sa ilang mga linya upang magbigay ng kulay at humor sa mga eksena kahit pa sa mga pagkakataong seryoso ang eksena. Indikasyon ito na hindi lamang para sa katatawanan ang lengguwahe ng bakla; maaari din itong gamitin sa iba pang klase ng diskurso; sinisira nito ang dominanteng pag-iisip na kapag mga linyang mula sa bakla ay katatawanan na agad.

Kadalasan mang nasa pagbibiro ang modo at para sa humor ang pakay, hindi maitatangi na may higit na malalim na kahulugan at kabuluhan ang paggamit ng mga bakla ng gay language sa gitna ng pagsasantabi ng lipunan: Una, bilang isang pagtutol sa lubusang pagsuklob ng mga itinakdang pamantayan sa gitna ng kooptasyon sa mga bakla ng sistemang ginagalawan; ikalawa, bilang paraan ng paggiit sa pagkatao, kaakuhan, at identidad at pag-angkin ng espasyo sa kabila ng pagsasantabi at limitasyong idinidikta ng parametro ng ideolohiya; ikatlo, ang pag-uugnay at pagsugpong sa kapuwa bakla bilang isang komunidad; at ikaapat, bilang estratehiyang depensiba (pagtatanggol) at opensiba (pakikipaglaban) na isang potensiyal na kapangyarihan ng lengguwahe ng bakla.

## Talasanggunian

- ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, & Deramas, W.V. (2012). *Sisterekas* [Motion picture]. Philippines: Viva Films.
- ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, & Deramas, W.V. (2013). *Girl, boy, bakla, tomboy* [Motion picture]. Philippines: Viva Films.
- ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, & Deramas, W.V. (2014). *The amazing praybeyt Benjamin* [Motion picture]. Philippines: Viva Films.
- ABS-CBN Film Productions, Inc., Viva Films, & Deramas, W.V. (2015). *Beauty and the bestie* [Motion picture]. Philippines: Viva Films.
- ABS-CBN.com. (2016, January 13). Beauty and the bestie breaks a second chance PH record. Retrieved from <http://news.abs-cbn.com/entertainment/01/13/16/beauty-and-the-bestie-breaks-a-second-chance-ph-record>.
- ABS-CBN.com (2016, December 29). Super parental guardian's now PH's highest grossing local film. Retrieved from <http://news.abs-cbn.com/entertainment/12/29/16/super-parental-guardians-now-phs-highest-grossing-local-film>.
- Archer, D., Aijmer, K., & Wichmann, A. (2012). *Pragmatics: An advanced resource book for students*. London: Routledge.
- Casabal, N.V. (2008). Gay language: Defying the structural limits of English language in the Philippines. *Kritika Kultura* 11, 74-101. Quezon City, PH: Ateneo de Manila University Press.
- Cano, L. (2006). *Baklese: Pinoy pop queer dictionary*. Quezon City, PH: Milflores Publishing, Inc.
- Cano, L. (2008). *Baklese dos: Pinoy pop queer dictionary*. Quezon City, PH: Milflores Publishing, Inc.
- Dumawal, M. (2014, January 16). Girl, boy, bakla, tomboy now all-time highest grossing PH film. Retrieved from <http://new.abs-cbn.com/entertainment/01/16/14/girl-boy-bakla-tomboy-now-all-time-higest-grossing-ph-film>.
- Estravo, E. B., Villamor, L. A. & Mangune, A. G. (2004). *Mga salitang homosekswal: Isang pagsusuri*. Manila, PH: Divisyon ng Linggwistika Komisyon ng Wikang Filipino.
- Garcia, J. N. C. (2008). *Philippine gay culture: Binabae to bakla, silahis to MSM (2<sup>nd</sup> Edition)*. Quezon City, PH: The University of the Philippines Press.
- Grice H.P. (2012). Implicature. In Archer, Aijmer, & Wichmann (Eds.), *Pragmatics: An advanced resource book for students* (pp. 47-61). London: Routledge.
- Levinson, S. C. (1983). *Pragmatics*. Cambridge, England: Cambridge University Press.
- Manalansan IV, M. F. (2006). *Global divas Filipino gays in diaspora (Philippine edition)*. Quezon City, PH: Ateneo De Manila University Press.
- Remoto, D. (2004). *Buhay Bbding*. Pasig City, PH: ANVIL Publishing, Inc.
- Yule, G. (1996). *Pragmatics*. Oxford: Oxford University Press.
- Zafra, J. (2016, March 8). Last year in Philippine movies: A time for change or business as usual? Retrieved from <http://interaksyon.com/article/124952/jessica-zafra-last-year-in-Philippine-movies-a-time-for-change-or-business-as-usual>

**GENEROSO PAMITTAN, JR.** teaches as regular faculty in the Department of Communication, Institute of Arts and Sciences, Far Eastern University. He was the former Associate Dean of the said Institute. He obtained his MA in (Broadcast) Communication from the University of the Philippines, Diliman, and is currently pursuing on a full time basis his Ph.D. in Philippine studies at De La Salle University, Manila. (Corresponding author: gpamittan@feu.edu.ph; generoso\_pamittan@dlsu.edu.ph)

**CHARRI AMADO** recently finished her bachelor's degree in Philippine studies, major in media studies, at De La Salle University. (Corresponding author: charri\_amado@dlsu.edu.ph)

**VICTORIA AMANTE** recently finished her bachelor's degree in Philippine studies, major in media studies, at De La Salle University. (Corresponding author: victoria\_amante@dlsu.edu.ph)

**FEORILLO A. DEMETERIO III** is a Full Professor of the Department of Filipino, College of Liberal Arts, and the Director of the University Research Coordination Office, De La Salle University. He served as a visiting research professor at the Council for Research in Values and Philosophy, Catholic University of America, Washington, D.C., in 2013. (Corresponding author: feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph)

